

# Tumutugon sa konsultasyon kaugnay sa bata

## (Gabay mula sa Tanggapang pangkonsultasyon ukol sa mga bata)

### ～ Hinahangad ang kaligayan ng mga bata ～

- Tinatanggap ang kahit anong nais ikonsulta ukol sa batang wala pang 18 taong gulang
- Libre ang konsultasyon at siguradong pangangalagaan ang lihim

## Nilalaman ng Konsultasyon

### Konsultasyon kaugnay sa pag-aalaga ng bata

- ○ May sakit ang tatay at nanay.
- ○ Walang magpapalaki sa bata dahil sa diborsyo o iba pa.
- ○ Hindi mapalaki ang bata dahil walang pera.
- ○ Napapagalitan nang malupit ang bata dahil umiiyak nang hindi malaman ang dahilan, hindi sumusunod at iba pa.

### Konsultasyon ukol sa kapansanan ng bata

- ○ Habang tinitingnan ang kilos at pagsalita, pakikipaglaro sa mga kaibigan, nag-aalala kung hindi ba nahuhuli ang paglaki ng bata kung ihahambing sa mga bata sa paligid.

### Konsultasyon kaugnay sa ugali ng bata

- ○ Ayaw pumasok sa eskwelahan.
- ○ Napakalikot.
- ○ Gumagamit ng dahas sa loob ng tahanan... atbp

Nag-aalala kung wala bang problema sa ugali at pagkilos ng bata.

### Konsultasyon kaugnay sa masamang asal ng bata

- ○ Nagsisinungaling ang bata.
- ○ Nagnanakaw ng pera, nangungupit sa tindahan.
- ○ Nananakit ng tao...atbp

Nag-aalala kung ano ang dapat gawin dahil nauulit ang masamang bagay.



群馬県のマスコット「ぐんまちゃん」

**Dalubhasang ahensiya ng prefecture na sumusuporta sa pagpapalaki ng bata ang Tanggapang pangkonsultasyon ukol sa mga bata.**
**Huwag mag-atubiling makipagkonsulta kahit kailan.**

## Gabay sa paraan ng pakikipagkonsulta



Nababalisa sa pagpapalaki ng bata...

Nag-aalala dahil sa bata, pero walang mapagkonsultahang tao...

Hindi alam kung saan mabuting magkonsulta...

※ Pag-uusap sa wikang Hapon (Nihongo). Kung hindi nakakaintindi ng wikang Hapon, mangyaring tumawag kasama ng taong nakakaintindi ng wikang Hapon.

# Mangyaring tumawag sa "Kodomo hotline 24."

Libreng tawag **0120−783−884**

Kung tatawag mula sa cellphone 027−263−1100

E-mail kodomo-soudan@pref.gunma.lg.jp

Konsultasyon sa teleponong nasa Sentral na tanggapang pangkonsultasyon ukol sa mga bata. Maaaring tumawag kahit kailan, 24 oras sa 365 araw, kaya huwag mag-atubiling tumawag. Sasagutin kahit hindi sabihin ang pangalan ng nagkokonsulta.

Kung mas mabuting makipagkonsulta sa ibang tanggapang pangkonsultasyon, ituturo ang maaari ninyong kontakin.


Kung kailangan ng tagapagsalin, mangyaring makipagkonsulta sa susunod na kokontakin.

- Non-Profit Incorporated Foundation
  Gunma Association of Tourism, Local Products & International Exchange

  Telepono: 027−243−7271 (Lunes – Biyernes 8：30～17：30)
  Homepage: http://www.gtia.jp/kokusai/japanese/

  ※ May mga wikang hindi matutugunan. Maging sa matutugunang wika, may araw na hindi matutugunan. Magtanong para sa mga detalye.

※ Upang masuportahan ng tanggapang pangkonsultasyon ukol sa mga bata, maaaring dumalaw at tingnan ang kalagayan ng inyong anak.



**Tumutugon din sa konsultasyon sa lungsod, bayan o baryo ng inyong tirahan.**

**"Kodomo hotline 24," nagbibigay ng impormasyon ng tanggapan para sa konsultasyon ukol sa pagpapalaki ng bata.**